

## *Ano ang dapat kong alamin tungkol sa sakit na TB?*

*Paano ako gagaling uli?*

### **Ano ang Tuberkulosis (TB)?**

Ang tuberkulosis ay isang sakit sa baga na dulot ng mga mikrobyong nakukuha sa hangin. Ang mikrobyong ito ay naiuubo o naibabahing sa hangin ng isang taong may sakit na TB. Makakakuha ka ng sakit sa TB kung malalanhap ang mikrobyo na ito.

Ang sakit na TB ay may dalawang yugto. Taong nasa unang yugto, **latent (natutulog) infection:**

- Natutulog ang mikrobyo ng TB sa katawan.
- Wala kang sakit, at wala ang mga palatandaan o sintomas..
- **Hindi mo maibibigay ang mikrobyo kaninuman.**

Taong nasa pangalawang yugto—**active TB disease.**

- Maraming buhay na mikrobyo ng TB sa iyong katawan.
- Ikaw ay may sakit at may palatandaan katulad ng ubo, lagnat at pagbaba ng timbang.
- Maaaring hawaan ang iba sa mikrobyo ng TB.

## **May mga taong makakaranas ng dihangad na epekto mula sa gamot!**

Kung mayroon man, itigil ang pag-inom ng gamot at sabihan kaagad ang TB Klinik: **206-8524**

- Patuloy na pagbaba ng timbang
- Pagduduwal
- Pagsusuka
- Pag-ihing kulay kape o tsa
- Paninilaw ng mga mata
- Paninilaw ng balat
- Singaw sa balat
- Pangangati
- Mataas na lagnat
- Malabong paningin
- Pananakit o pamamanhid ng daliri sa kamay o daliri
- Alinmang di karaniwang sintomas.

### **Ang pag-inom ng alak at INH?**

Ang INH ay dumadaan sa atay. Ang pag-inom ng alak ay nakakasama sa atay. Habang umiinom ng INH, mas makakabuti ang umiwas sa lahat ng klase ng alak. Pwedeng suriin ang iyong atay habang ikaw ay umiinom ng INH para tiyakin kung ikaw ay nasa maayos na kalagayan.

- |  |       |
|--|-------|
| <input type="checkbox"/> Isoniazid (INH)             | _____ |
| <input type="checkbox"/> Rifampin                    | _____ |
| <input type="checkbox"/> Rifamate (INH and Rifampin) | _____ |
| <input type="checkbox"/> Ethambutol                  | _____ |
| <input type="checkbox"/> Pyrazinamide (PZA)          | _____ |
| <input type="checkbox"/> Cycloserine                 | _____ |
| <input type="checkbox"/> Pyridoxine                  | _____ |
| <input type="checkbox"/> Levofloxacin                | _____ |
| <input type="checkbox"/> _____                       | _____ |

Kung nakalimutan uminom ng gamot, huwag doblehin ang iinumang gamot. Ipagpatuloy ang pag-inom ng gamot ayon sa utos ng manggagamot.

Maaaring palitan ng iyong manggagamot ang iniinom na gamot habang ikaw ay ginagamot.

Tuberculosis Clinic, Ward 94  
SFGH Building 90, 4<sup>th</sup> Floor  
2460 22<sup>nd</sup> Street at Potrero Avenue  
San Francisco, CA 94110  
Main phone number 415-206-8524  
Fax: 415-206-4565

## ***Paano ko malalaman kung ako ay impektado ng mikrobyo ng TB?***

Ang maggagamot lamang ang makakasabi kung ikaw ay may sakit na TB. Unang dapat gawin ay magpasuri sa balat o sa dugo. Ang positibong resulta sa balat o kaya sa dugo ay nangangahulugan na ikaw ay may

—**Latent TB Infection.** Kung ikaw ay may positibong pagsusuri, mangangailangan ka ng reynos-ekis sa dibdib upang matiyak na ang mikrobyo ay hindi pa nagsimulang makaapekto sa iyong baga

—**Active TB disease.** Maaaring kailanganing magbigay ng uhog (plema) galing sa baga. Maaaring umpisahin kang gamutin habang hinihintay ang mga resulta ng mga iba pang pagsusuri.

## ***Ang sakit na TB ay maaaring magamot at mapagaling***

Ang Kagawaran ng Kalusugan ay kakailanganing matiyak na iniinom ng mga pasyente ang kanilang mga gamot. Programang Paggamot na Tuwirang Inoobserbahan (DOT or Directly Observed Therapy) ay nangangahulugan na ang trabahador pangkalusugan ay magmamasid habang iniinom ang iyong gamot, at titiyakin kung ikaw ay nakakaranas ng di-hangad na epekto mula sa iyong mga gamot sa TB. Ang Programang Paggamot na Tuwirang Inoobserbahan (DOT) ay napatunayang mabisa sa pagsugpo ng sakit sa TB.

Ang Kagawaran Kalusugan, siya ang kalinga mo, iyong pamilya, at ang mga taong bayan. Ang Kagawaran Kalusugan ay maaaring tatanungin ang iyong pamilya at iba pa, kung sinong nakasama mo habang ikaw ay may impeksyon sa mikrobyo ng TB.

## ***Sugpuin ang pagkalat ng TB.***

Ang mga taong may sakit sa TB ay makakahawa ng ibang tao. Ang pinakamabisang paraan para masugpo ang paglaganap ng TB ay ang pag-inom ng iyong gamot ayon sa iyong manggagamot at ang pagtatakip ng bibig kung ikaw ay umuubo. Kalimitan, ang pag-inom ng gamot ay sinusugpo ang pagkalat ng mikrobyo sa loob lamang ng ilang lingo. Bagaman, dapat mong malaman na hindi ka pa ganap na magaling, kaya hindi dapat itigil ang pag-inom ng gamot hanggang hindi utos ng iyong manggagamot.

Ang mga taong kasambahay ay mangangailangan ng pagsusuri sa TB. Ang pagsusuri na ito ay napakahalaga lalong lalo na sa mga bata at mga taong mahina ang pangangatawan dahil sa maaari silang kapitan ng sakit na TB.

Hindi NAKAKAHAWA ang TB sa:

- Kasuotan / damit
- Pagsasalo ng mga kagamitan sa pagkain
- Pagkain
- Kagamitan sa kama
- Kasilyas o kubeta
- Pakikipagkamay
- Ugnayang sexual
- Gamitan at pagsasalo ng mga karayom pang-droga



## ***Ano ang dapat kong gawin upang gumaling?***

Ang napakamahalagang bagay na dapat mong gawin ay inumin ang iyong gamot o tabletas! Kahit mahusay ang iyong pakiramdam, huwag titigilan ang pag-inom ng gamot hanggang hindi sinasabi ng iyong manggagamot na tumigil. Kapag itinigil mo agad ang pag-inom ng gamot, ang TB ay maaaring magbalik. Ang gamot na iyan ay maaaring hindi na magpagaling sa pangalawang pagkakataon.

- Laging tumupad sa takdang araw na pakipagtipan sa nars o sa manggagamot.
- Ipagbigay alam sa TB klinik kung hindi ka makakapunta sa klinik o kaya kung ikaw ay may balak maglakbay.
- Sabihan ang manggagamot kung ikaw ay nagdadalang-tao, umiinom ng ibang klase ng gamot, o kaya may iba pang karamdaman sa katawan.
- Mabagal ang paglunas ng TB. Maraming buwan ang kakailanganin upang tuluyang magamot. Kapag maagang itinigil ang pag-inom ng gamot, maaring magbalik ang sakit na TB. Gayundin, ang dati ring mga gamot ay maaaring hindi na umipekto sa pagsugpo na iyong sakit.
- Makipagtipan sa iyong manggagamot para masiguro kung ang iyong mga gamot ay mabisa.
- Sabay inumin lahat ng iyong gamot sa parehong oras at ayon sa utos ng iyong manggagamot.
- Makipagtipan sa iyong manggagamot o nars upang lamnang muli ang iyong mga gamot.
- Huwag ibigay ang iyong gamot sa ibang tao.
- Iwasan ang alkohol